# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. V No. 51 NOVEMBER 22-28 ,2021 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034




Mayor Lani M. Revilla

*Bacoor, Cavite*

# SARA DUTERTE'S VP CANDIDACY: AN OPPORTUNITY TO WIDEN REACH OF SERVICE



Running for the Vice Presidential position, Davao City Mayor Sara Duterte says it is a path allowing her to heed her supporters' call to serve the country and make her a stronger person and public servant.

"I am here to answer your call. I appeal to all supporters to stay calm. Let us be circumspect and stay the course," she added.

After she filed her Certificate of Candidacy (COC) for reelection as Davao City Mayor on October 2, Duterte's supporters continued their call for her to run for higher office, specifically the presidency.

On November 9, Duterte withdrew her COC for the mayoral position and her younger brother, Vice Mayor Sebastian Duterte, took her place.

Her VP candidacy was then filed by a Lakas-CMD (Christian Muslim Democrats) representative on Saturday, quickly followed by the announcement of the Partido Federal ng Pilipinas that they are adopting Duterte as

**(cont. P.5)**

## JELYN MALIKSI, KINILALANG MOST PROMISING PRESIDENT NG INNER WHEEL CLUBS OF THE PHILIPPINES DISTRICT 381



Binigyang parangal ng Inner Wheel Clubs of the Philippines District 381 si Gng. Jelyn Maliksi bilang Most Promising President nitong Lunes, para sa natatanging pamumuno nito sa mga programa at proyekto ng Inner Wheel Club of Mutya ng Imus.

**(cont. P.2)**






*Pinangunahan ni Bacoor City Mayor Lani Mercado Revilla ang groundbreaking ceremony para sa Columbarium at Crematorium sa Molino 2.*

*Ayon sa kanyang pahayag sa kanyang facebook post "Gusto kong ibahagi sa inyo ang aking nabasa kamakailan, "Grief is the price we pay for Love". At ito ay totoo at tumatagos sa ating mga puso at isip dahil sadya tayong mapagmahal at magiliw sa ating pamilya at mga malalapit na kaibigan.*

*Dapat nating ipagmalaki na ang ating lungsod ay may sapat ng kapasidad at mga pasilidad para sa ating mga yumaong mahal sa buhay na abot kaya ng lahat ng mga Bacooreño. Masakit at hindi po biro ang mamatayan kasabay naman nito ang sakit na dulot ng gastos sa paghihimlayan ng ating mga yumao kaya ginagawa natin ito ngayon. Kayo, mga minamahal kong kababayan, ay laging dama at batid ng inyong Ate Lani at ang inyong lingkod naman ay dagling tutugon.*

*Gaya ng sabi sa kanta, wala sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang, tayong lahat ay may pananagutan sa isa't-isa, bilang inyong Ate Lani, makaka-asa kayo na ang aking kalinga at pagmamahal ay from womb to tomb ika nga. Sama sama tulong tulong para sa mas lalong ikasusulong ng ating lungsod.*

**ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com**

# Free Wi-Fi para sa mga Caviteño, sagot ni Gringo Honasan



ROSARIO, CAVITE: Isang makabuluhang talakayan ang isinagawa kaninang umaga (Nob. 12, 2021) sa Mountsea Resort na pinangunahan ni dating Senador Gringo Honasan. Kasama ang buong konseho ng Rosario sa pangunguna ni Konsehal Bamm Gonzales, Mayor Dino Chua ng Noveleta, at iba't ibang lider ng unang distrito ng Cavite.

Sa talumpati ni Department of Information and Communications Technology (DICT) Secretary at dating Senador Gringo Honasan sinabi niyang:

"Ang kailangan ng mga Caviteño sa panahon ngayon ay ang magkaroon ng Free Wi-Fi. Ang susi natin sa pagtugon ng pandemya ay connectivity. Sa pamamagitan ng Information at communication technology. Ang ating mga cellphone android man yan o i-phone ay pamamaraan lamang. Ito ang paraan at susi upang magtulungan tayo. Upang matugunan natin ang ating pangangailangan sa pagkain, damit, gamot, edukasyon at kalusugan ay magkaroon ng access sa information. Para ang ating mga kababayan lalo na yung mga mahihirap ay magkaroon ng timely, completely, at accurately information. Para makapagdesisyon sila sa mga bagay na may kinalaman sa araw-araw nilang pamumuhay. Hindi lamang sa pagpili ng mga susunod nating mga lider ng ating bayan, kundi sa pagpaplano ng kinabukasan ng pinagkakaingatan nating mga anak at mga susunod pang henerasyon ng mga lider at mamamayan natin", pagsasalaysay ni dating senador Gringo Honasan.

Pinasalamatan naman ni Konsehal Bamm Gonzales ang layunin na ito ni Honasan para sa mga Caviteño partikular sa unang distrito ng Cavite.

"Napakalaking tulong ng Free Wi-Fi para sa aking mga kababayan sa Rosario. Matutuwa ang mga estudyante na ang ilan sa kanila ay nakiki-connect lamang sa tinatawag na Piso Wi-Fi na gumagastos pa ng pera upang matugunan lamang ang mga aralin sa paaralan. Maraming salamat po Sec. Gringo Honasan", paglalahad ni Gonzales.

Layunin ng naturang proyekto ay magkaroon ng libreng internet service at palakasin ang internet connectivity sa ilang mga access points ng bawat bayan. **(SID SAMANIEGO)**

## *Jelyn Maliksi...* (from p. 1)

Iginawad ang pagkilala sa naganap na Induction Ceremony ng Inner Wheel Clubs of the Philippines District 381.

Ayon kay Gng. Maliksi, ang pagkilala ay ituturing niyang "inspirasyon para mas pagbutihan pa ang pagseserbisyo sa iba't-ibang sektor ng Imus."

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 19**
**CITY OF BACOOR**

**IN RE: PETITION FOR REISSUANCE OF THE OWNER'S COPY OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (057-2011013712) 167-2016003140**

**LRC 8843 2021-16**

**HOUSEHOLD DEVELOPMENT CORPORATION, as represented by KRISTOFER DAN C. MEDALLO,**
Petitioner.
x-----------------------------------------------------------------x

**AMENDED NOTICE OF HEARING**

There is a petition filed by petitioner through counsel for the reissuance of the Owner's Copy of Transfer Certificate of Title No. (057-2011013712) 167-2016003140 on the grounds alleged therein.

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT said petition has been set for hearing on **February 21, 2022 at 8:30 in the morning**, in this Court, on which date and hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Cities and Province of Cavite.

Let a copy of this Notice and that of the Petition be furnished the Office of the Solicitor General, Makati City and the Register of Deeds of Bacoor, Cavite and Register of Deeds for the Province of Cavite and be posted by the Sheriff of this Court in three (3) conspicuous places in Bacoor City where the property is located.

WITNESS THE HONORABLE ARNEL G. ESPIRITU, Presiding Judge of this Court this 4th day of October 2021 at Bacoor City, Cavite.

**(Sgd.) ROSELLE ANNE B. CATIPAY**
Branch Clerk of Court

Copy furnished:

**ROSERO LAZARO SABILLO & CARINO LAW OFFICES**
Vista Corporate Center, Upper Ground Floor, Worldwide Corporate Center, Shaw Boulevard, Mandaluyong City
*Cjtorres1225@gmail.com*

**KRISTOFER DAN C. MEDALLO**
3rd Floor Camella Center Right Wing Starmall Building Alabang Muntinlupa City

**REGISTRY OF DEEDS**
Bacoor City, Cavite

**REGISTRY OF DEEDS**
Trece Martires City, Cavite

**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo Street, Legazpi Village, Makati, Kalakhang Maynila

**HUMANITY NEWS**
**November 22, 29 & December 6, 2021**

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
**PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.**
PAPER.Ph
EST. 2019

| | |
|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = Php 200.00 |



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## ANG HULING YUGTO

1.Maraming teorya yaong itinuro
Nitong mangangaral sa maraming dako,
Ang buhay daw natin sa may huling yugto,
May landas na tiyak na tunguhing dako.

2. Ang unang teorya na sabi ay tiyak,
Mga katutubo ang may unang bigkas,
Lilipat ng tabing at sa huling oras,
Iwan ang katawan, kaluluwa'y lumabas.

3. Kaluluwa'y sasama sa mga ninuno,
Sila'y espiritu sa kabilang dako,
Tulong sa mabuti ang kanilang kuro,
Parusa sa tao na masama't liko.

4. Ikalawa naman kaibang teorya,
Na tao ay likha ng Diyos na iisa,
Kapag namatay daw babalik sa Kanya,
At may huling hatol para sa balana.

5. Ikatlong teorya sa buhay ng tao,
Wala yaong hatol sa alin at sino,
Ang taong namatay, babalik sa mundo,
Ibang katauhan kung sabihin ito.

6. At reincarnation ito kung tawagin,
Ang taong nagbalik limot ang landasin,
Ang nagdaang buhay di kayang isipin,
Maliban kung minsan parang may napansin.

7. Sa paulit-ulit na balik ng buhay,
Darating ang oras malinis nang tunay,
Di na ipanganak muli at magsikhay,
Tapos na ang ikot , Nirvana ang alay.

8. Ganyan ang teoryang tatlo na alam ko,
Aral na dala ng relihiyon ding tatlo
Kung ano ang nais na panaligan mo,
Piliin ang bagay na ugma sa iyo.

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY




# A BIKER'S HAVEN AT THE SM STORE

THE SM STORE



*Urban planner, cycling advocate, and founder of active transport advocacy group MNL Moves, Aldrin Pelicano.*

*Make cycling viable everyday for travel, work, and for fun with Zonixx's space saver and steel framed compact foldable bikes with adjustable seatpost, suspension fork, mechanical disc brakes, 26" wheels and 21 in speed, that can be easily kept and stored. Available at the Men's Accessories Department at The SM Store.*





***Stay digital and connected while biking with these soft, durable, and flexible touch screengloves . Available at Men's Accessories Department at The SM Store.***



***Be equipped with safety and protection with this AXCS Outdoor bicycle repair kit bag that includes a bicycle pump, tire patches, lever, and file, combination tool, a glue, rubber tubes, and a pin.***



***AXCSOutdoor's battery operatedBicycle LED Torch set keeps you safe during night time. It includes 5 pcs white LED, 5 pcs red LED, a flashlight, and a battery.***



***Be the coolest cycling buddy with this multi-purpose bicycle top tube bag. Features a phone holder, an insulated side pocket, a reflectorized strip for safety precaution, and a transparent PVC cellphone compartment.***



***Illuminate your night rides with this all-purposeand easy to install Plastic Bike LED Head and Tail Light Each set features headlight, taillight, front lamp stand, and a rear lamp stand that serves as warning lights.***



***This Bicycle Handle Bar Bag with cellphone pouchcreates an easy access to tools, maps, snacks, camera or cellphones for bikers.***




***This half- dome bike helmet with an aerodynamic design, smoothly curves around your head for great fit and protection as well as thedetachable mask and goggle with HD lenses with high density sponge and anti-slip band.***



***Bike in style with thismulti-purpose and washable cotton Bandana Camouflage Mask withanearloop.***



***Be on the safe side with this stylish reflectorized vest with a reflective strap, high impact buckle, and fully adjustable size that fits all body types. Available in different colors at the Men's Accessories Department at The SM Store.***



***This Balaclava in tribal and fire print keeps the wearer warm and dry as it covers the head and lower part of the face and prevents fogging on goggles.***



***Keep your arms dry, cool, and protected while cycling on a hot and humid day with these breathable, compressive, anti-UV, and quick drying cycling arm sleeves. Available at Men's Accessories Department at The SM Store.***

Cycling has suddenly become cool in a big way as we navigate the pandemic. A healthy, and low impact exercise that can be enjoyed by people of all ages, biking has emerged as a favorite way of transportation especially during the community quarantine days,when major transportationsare not allowed to operate. Many communities have also allocated bike lanes for those who prefer to pedal their way around the city.

The good news is that The SM Store now has cool gear for bike enthusiasts in its Men's Accessories Department. These include bikes, as well as safety helmets, multi-purpose masks, gloves, repair kits, lights, bags, and cargo nets to keep us safe and stylish on the road.

There are Mountain Bikesdesigned for off-road cycling - mountain trails, single track, fire roads, and other unpaved surfaces; as well as lightweight and sportive Road Bikesbuilt for traveling at speed on paved roads. Bike enthusiasts will also enjoy trying outGravel/ Adventure bikes,Utility bikes, E-bikes, Triathlon bikes, Tandem bikes, Park bikes and Kids bikes.

Urban planner, cycling advocate, and founder of active transport advocacy group MNL Moves, Aldrin Pelicanoshares with us tips to anyone before going on a ride or who wants to give biking a start. Here are his must-haves:

- Helmets. "Investing in a good helmet is always worth it," says Aldrin. "When choosing a helmet, always look for the Consumer Product Safety Committee (CPSC) sticker inside. This ensures you'll be offered a high level of protection if you do end up in a crash."
- Bike Lights. It is important to see and be seen when you're out on the road, and Aldrin advises us to "choose a white bike light in front and red bike light for the back. High visibility (hi-viz) clothes or vest and straps can also help for you to be visible especially in low-light conditions or at night."
- Repair Kits. "Don't go out on a ride, whether short or long, without your tool kit," says Aldrin. "A good kit should include spare tube/s and/or patch kit, pump, tire levers and cycling multi-tool."
- A Bike bag – "It's a good idea to bring essentials like IDs, money, mask, face shield (if you will go to an indoor place, closed venue), food and water," says Aldrin. And find yourself a good bag for all your stuff.

**(cont. P.6)**



## *Pagbati Mula kina:*



**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*



**Coun. Adrian Jay 'AJ' Advincula**
*Imus City, Cavite*



## FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**MAO ZEDONG** - *Siya ay mula sa mariwasang pamilya subalit pumanig sa mga magsasaka hanggang maging isang lider na siya ng maka-kaliwang grupo na laban sa Bourgeoisie at dayuhang lakas na kumokontrol sa China. Siya ay naging Chairman ng Chinese Communist Party at naging Head of State sa magulo at masalimuot na landas ng China para umunlad. Namatay siyanoong 1976 sa gulang na 83 taon.*

# KUMAKANDIDATONG VICE MAYOR SA MARAGONDON, CAVITE, BINARIL NG KAPITBAHAY AT KAINUMAN

DAHIL sa mainitang pagtatalo nauwi sa pamamaril at ikinamatay ng isang dating Vice Mayor at ngayon ay kumakandidatong Vice Mayor sa Maragondon Cavite at kapitbahay nito sa Gen Trias City, Cavite.

Naisugod pa sa Divine Grace Hospital ang biktima na nakilalq na si Nolito Angeles Magallanes, 54, may-asawa ng Phase 2 Block 3 Lot 11 Lavanya Subd., Brgy Bacao II, Gen Trias City, Cavite dahil sa tama ng bala sa katawan.

Pinaghahanap naman ng pulisya ang suspek at kapitbahay nito na si Robert Amoranto, nasa wastong edad at residente ng Lavanya Subd., Brgy Bacao II, Gen Trias City Cavite na tumakas matapos ang insdente dala ang ginamit na baril.

Ayon sa ginawang report ni PSSgt Ernesto Angue Jr., ng Gen Trias City Police Station, dakong alas-6:30 ng gabi nang naganap ang insidente sa harapan ng bahay ng biktima pero bago naganap ang insidente, umaga pa lamang ay sinita na umano ng suspek ang biktima dahil sa nakaparada niyang sasakyan sa basketball court sa loob ng subdibsiyon.

Pinapaalis umano ng suspek ang sasakyan ng biktima dahil nakakasagabal umano sa mga maglalaro ng Basketball matapos sumailalim ang probinsiya ng Cavite sa Alert No. 2.

Pero hindi rin naging malaking isyu ang paninita ng suspek sa biktima dahil magkatapat lang ang kanilang bahay at magkaibigan din ang dalawa.

Kinagabihan ay nag-inuman pa ang biktima, suspek at ilang kaibigan nila sa Phase 2 Block 3 Lot 11 ng nasabing subdibisyon at dito nagtalo ang dalawa na nauwi sa mainitang pagtatalo.

Upang hindi na humaba pa ang kanilang pagtatalo, nagpaalam na lamang ang biktima at umuwi sa kanila pero ligid sa kanyang kaalaman ay sinundan siya ng suspek at muling kinomprontа hangang sa bumunot ng baril ang suspek at pinaputukan ang biktima.

Isinugod ang biktima sa ospital subalit hindi na ito umabot ng buhay habang ang suspek at tumakas dala ang baril na ginamit.

Nabatid na taon 2004 hanggang 2007 n g . m a n u n g k u k a n bilang n Vice Mayor ng Maragondon,Cavire ang biktima at ngayon 2022 national election ay muling kumandidatong Vice Mayor sa nasabing bayan.

Napag.alaman na nakabili ang biktima ng bahay sa Lavanya Subdivision kung saan siya nakatira. **MARGIE BAUTISTA**



## CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Gen. Mariano Trias was the first Politico-Military Governor of Cavite during the Philippine Revolution. He was very much trusted by President Aguinaldo as he was made Vice President as a result of the Tejeros Convention and in the Biak-na-Bato Republic. He was Secretary of Finance and later Commander of Filipino Forces in Southern Luzon. He surrendered to the Americans after Aguinaldo was captured in Palanan. He was the founderof the Nationalista Party Chapter in Cavite. He died in 1914.**



## LET THERE BE LIGHT!

By
ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**MALABAG -** Ang Malabag, Silang ay lugar ba dati ay maraming "labak" o mababang lugar.

# DEMOLISYON SA MGA ILIGAL NA ISTRUKTURA AT SAPRA SA BUONG LALAWIGAN NG CAVITE






Ang mga tauhan ng Cavite Maritime ay tumulong sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayaan sa pagsasagawa ng demolisyon laban sa iligal na istruktura at sapra sa buong lalawigan ng Cavite simula Nobyemre 3 hanggang 5, 2021. Sa pangunguna ng Provincial Environment and Natural Resources, kasama ang iba't ibang ahensya gaya ng Philippine Coast Guard (PCG), Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), local na pulisya ng Cavite at mga local government units na nakakasakop sa mga lugar na pagdadausan ng demolisyon, ay nagsagawa ng malawakang demolisyon sa mga piling lugar sa Cavite kung saan laganap ang mga sapra.

**(MARGIE BAUTISTA)**







ONWARD
FORWARD
GEN. TRIAS CITY

*MAYOR ONY FERRER*


## Sara Duterte...

(from p. 1)

the running mate of its standard-bearer, Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr.

Regarding the issues confronting the ruling party, Duterte said she does not want to be involved.

"The problems of PDP are their own. Let them resolve their issues within their party," she said.

"This is all politics and this will not matter in the years to come or even on when we need to focus on our country's recovery and the people's welfare," she added.

# IMUS CITY PLAZA, MULING NAGBUBUKAS PARA SA PUBLIKO






Pormal nang sinindihan sa naganap na Lighting Ceremony ang mga pailaw, dekorasyon at ang higanteng Christmas tree sa Imus City Plaza, kasabay ng pagbubukas nito sa publiko nitong Miyerkules, Nobyembre 17.

Hudyat rin ito ng pagsisimula ng Paskuhan sa Imus 2021, ang opisyal na selebrasyon ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ng Kapaskuhan. Kasabay ng Lighting Ceremony ang pagpapasinaya ng bagong bihis na playground sa kalapit na Imus Sports Complex.

"Sama-sama nating ligtas na ibalik ang dating ningning ng Kapasukhan sa Imus!" ani Mayor Emmanuel Maliksi sa kanyang Facebook page.



## EDITORIAL

Ang mga problema ng bansa ay may ugat na buhat sa ating pagiging isang bansang naghahangad ng Economic Development nguni't marami sa mga tao ay ugma lamang sa paghahanap buhay at di pa handa sa pagnenegosyo. Ang paglago ng populasyon ay humihila sa mga pondo ng bayan na sa halip na magamit sa inprastruktura ay napapalagay sa dagdag na gastos sa edukasyon, kalusugan at kawanggawa.

Makakaraos din tayo . Ang kailangan lang ay magtulong-tulong tayo sa paglutas ng problema at umagapay sa ating Gobyerno.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 121
CITY OF IMUS, CAVITE

**PHILIPPINE SAVINGS BANK,**
Mortgagee,

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C. No. 17148-21**

-versus-

**MELANIE T. POSTRERO for herself and as Atty.-in-Fact of her husband JOEL L. POSTRERO**
Mortgagors.
x-------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **PHILIPPINE SAVINGS BANK**, mortgagee, with principal place of business at PSBank Center, 777 Paseo de Roxas corner Sedeño Street, Makati City, against **MELANIE T. POSTRERO for herself and as Atty.-in-Fact of her husband JOEL L. POSTRERO**, mortgagors, with residence and postal address at Blk. 2 Lot 17 Ph2, Castroville St., Covina, Buhay na Tubig, Imus, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 09, 2021 amounts to **TWO MILLION THREE HUNDRED FIFTY-FIVE THOUSAND THIRTY ONE PESOS & 79/100 (Php 2,355,031.79),** Philippine Currency, including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned will sell at public auction on **December 7, 2021 at 10:00** o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Clerk of Court, Imus Hall of Justice, Imus City, Cavite to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1226290**

"A parcel of land (Lot 17 Blk. 2 of the cons-subd. plan, Pcs-04-016221, being a portion of Lot 6274 & 6275, Imus Estate, LRC Rec. No. 8843) situated in the Brgy. of Tanzang Luma, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 19, Blk. 2; on the SW., along line 2-3 by Rd. Lot 2; on the NW., along line 3-4 by Lot 15, and on the NE., along line 4-1 by Lot 18, both of Blk. 2, all of the cons-subd. plan x x x containing an area of SEVENTY (70) SQUARE METERS. x x x"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **December 14, 2021 at 10:00** o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, July 9, 2021.

**(Sgd.) DWIGHT ALDWIN S. GERONIMO**
Sheriff IV

**APPROVED**

**(Sgd.) ARMIE A. FRANCISCO**
Clerk of Court VI

**COPY FURNISHED:**

**PHILIPPINE SAVINGS BANK**
PSBank Center, 777 Paseo de Roxas cor Sedeño St.,
Makati City

**MELANIE T. POSTRERO and JOEL L. POSTRERO**
Blk. 2 Lot 17 Ph2, Castroville St., Covina, Buhay na Tubig,
Imus, Cavite

**CHUANICO SALGADO CABRERA & ASSOCIATES**
*In-House Counsels for Philippine Savings Bank (PSBank)*
4th Floor PSBank Center, 777 Paseo de Roxas cor Sedeño St., Makati City

**Humanity News**
**November 15, 22 & 29, 2021**


# Senior citizens are automatic members of PhilHealth



In line with the recent observance of the Filipino Elderly Week, the Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) have again reminded Filipinos 60 years old and above that they are mandatorily covered under the National Health Insurance Program pursuant to Republic Act (RA) 10645, and as reiterated under RA 11223 or the Universal Health Care Law of 2019.

Under Section 5 of RA 10645, all senior citizens shall be covered by PhilHealth. Their annual premium contributions shall be borne by the National Government from the proceeds of RA No. 10351 (Sin Tax Law), provided that they are not currently covered by any existing (membership) category of PhilHealth. Likewise, a senior citizen must not have a regular source of income to be granted this privilege under the law.

PhilHealth President and CEO Atty. Dante A. Gierran invited senior citizens to ensure that they are duly registered or are updated in their records with PhilHealth.

"We have partnered with the Office for Senior Citizens Affairs (OSCA) in the local government units so that elderly Filipinos can be registered with PhilHealth conveniently," adding that "qualified senior citizens should only submit two duly accomplished PhilHealth Member Registration Form (PMRF) to the OSCA where they reside and await notification if their Member Data Record is already sent by PhilHealth."

If a senior citizen opts to register at any PhilHealth Local Health Insurance Office, they must also present and submit a copy of their Senior Citizens' ID or any proof of age together with a 1x1 photo taken within the last six months, in addition to their filled-out PMRF.

As of June 2021, some 8.4 million Senior Citizen Members and 1.3 million Lifetime Members were registered with PhilHealth, with a combined qualified dependents of 3.3 million. From January to June 2021, PhilHealth has paid a total of P9.408 billion in benefits representing some 988,000 claims filed by elderly members nationwide.

Among the top medical conditions paid by PhilHealth were community-acquired pneumonia, hypertension, cerebral infarction or stroke, urinary tract infection, and congestive heart failure. ###

Reference: Dr. Shirley B. Domingo, Vice President for Corporate Affairs and Official Spokesperson | Mobile No: 09171360964

PhilHealth
*Your Partner in Health*

UNIVERSAL HEALTH CARE

CALLBACK CHANNEL: 0921-630-0009
Text: "PHIC callback<space> your mobile number or Metro Manila landline<space>details of your concern"
actioncenter@philhealth.gov.ph www.philhealth.gov.ph
PhilHealthOfficial teamphilhealth


# A BIKER'S HAVEN...

(from p. 3)

• A Water bottle – "If your bike has eyelets," says Aldrin." it would be good to get a bottle cage so you can bring water bottles for hydration."

• Wear as you ride – How do you dress the part? Some advice from Aldrin: "You don't have to wear cycling jerseys to make trips on a bicycle. As long as it's comfortable and will help you ride safely, any clothes should do it. Also, "don't underestimate the sun so it's also good to wear some protection like arm sleeves and sunglasses."

Bike lovers and enthusiasts, like Aldrin, can visit The SM Store Men's Accessories Department to check out their latest bike collections, as well asaccessories, safety kits and gears, and other must-haves that can be used while going on a ride.

You can also check out these collection and othermore fashion finds online at https://bit.ly/3Eyi50K and chat and shop at m.me/SMFashionMen

These bike collection is all available at The SM Store Men's Fashion Accessories Department. **(KCHT)**

# HUMANITY TRIVIA



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Radio 1896
Air conditioner - 1902
Rocket - 1926
Radar - 1931
Nylon - 1936
Bougainville - South America
Cactus - America
Lotus - Asia, America
Mango - cough
Guyabano - dysentery
Pakwan - obesity

THE SM STORE

# SHARE- A- TOY AT THE SM STORE



*Little girls from Eugenia Ravasco Day Care Center in Paranaque City were some of the recipients during theShare A Toy campaign.*



*Little boys from Looc Elementary School in Batangas happily raise their new plush toys from The SM Store during the Share A Toy project.*



*New bundles of toys were given to the preschool students of the Eugenia Ravasco Day Care Center during the recent turnover ceremony of The Share A Toy campaign of The SM Store and Toy Kingdom.*



*Sharing toys is sharing joys.All glammed with their adorable face paints, these girls happily display their pastel colored plush toys from The SM Store during the Share A Toy campaign.*



***Shoppers at The SM Store and Toy Kingdom can play Santa to less fortunate children this Christmas through its Share A Toy campaign from November 1 to December 31.***

SM shoppers can play Santa to less fortunate kids this Christmas in The SM Store and Toy Kingdom's Share a Toy project,from November 1 to December 31, 2021

Share a Toy booths with bag of toys, play sets, educational board games and novelty will be set up in all The SM Store and Toy Kingdom branches nationwide. Here, shoppers will have the chance to bring and donate pre-loved or brand new toys that they can purchase from TheSM Store'sToy Express and Toy Kingdom.

They will be entitled to aP100 discount coupon for every item donated which can be redeemed on a minimum single-receipt purchase worth P1000.

These toys will be donated to thousands of less fortunate children from The SM Store and SM Foundation's partner organization within the branch vicinities. These include organizations catering to kids 10 years old and below, schools, socio civic and government organizations, and NGOs in a simple turnover ceremony that can be also be done online.

Through the ShareA Toy campaign under the SM Share Movement, The SM Store and its loyal customers join together to celebrate this joyous season of giving and hope with a generous heart as a way of bringing smiles to children and sharing the happiness and hope to them even amid pandemic. OtherSM Store also campaigns like Donate a Book and Share aGift have received overwhelming support from customers.

Share A Toy purchases and donations are also valid in-store and Call To Deliver transactions. For more updates about the SM Share Movement and ways on how you could donate, visit www.thesmstore.com and follow its social media pages @thesmstore on Facebook, Instagram and Twitter.**(KCHT)**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Kakawate (Madre Kakaw) bilang halamang gamot

Ang kakawate o madre kakaw ay isang puno na karaniwan sa mga lugar sa Southern Tagalog Region. Ito ay kadalasang nakatanim bilang ornamental dahil sa bulaklak nito na kulay mapusyaw na rosas (pink). Ang bunga nito kahalintulad ng bataw o pods na lumilikha ng tunog kung sakaling matutuyo sa araw.



***Scientific name: Gliricidia sepium (Jacq.) Steud.; Robinia sepium Jacq.***
***Common name: Kakawate, Madre Kakaw (Tagalog); Gliricidia, Aaron's rod, St. Vincent's Plum (Ingles)***

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Kakawate (Madre Kakaw)?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang kakawate ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang halamang kakawate ay mayroong formosin, formononetin, gliricidin-6a-gliricidol-9a, medicarpin (pterocarpan), 7,4′-dihydroxy-3′-methoxyisoflavin, 2'O-methylsepiol, tannin, at trihydroxyflavone.

Ang kahoy nito ay may taglay na stigmastanol glucoside at 3'4-dihydroxy-trans-cinnamic acid octacosylester 2

Ang buong puno nito ay may tannin na mabisang panggamot sa maraming kondisyon.

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon.** Karaniwang nilalaga ang dahon ng kakawate upang magamit bilang gamot. Ito ay iniinom nang parang tsaa. Maaari din itong durugin o dikdikin upang ipantapal sa ilang kondisyon sa balat.

**Balat ng kahoy**. Ang balat ng kahoy ay pinakukuluan din upang magamit ang pinaglagaan sa paggagamot.

**Ugat**. Ang ugat, tulad din ng balat ng kahoy, ay pinakukuluan upang magamit ang pinaglagaan sa paggagamot.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Kakawate (Madre Kakaw)?**

1. **Dermatitis.** Ang katas dahon o kaya ay pinaglagaan nito kasama ng ugat at balat ng kahoy ng kakawate ay mabisa para sa mga kondisyon sa balat tulad ng dermatitis. Ipinanghuhugat lamang ang mga ito sa apektadong balat.
2. **Kagat ng mga insekto**. Mabisang pantaboy sa mga insekto ang pagpapahid ng dahon ng kakawate.
3. **Sugat.** Nakatutulong nang malaki sa mabilis na paghilom ng sugat ang dagta na nakukuha mula sa kahoy, ugat, at dahon ng kakawate.
4. **Galis.** Ang paggagalis sa balat ay maiibsan din ng pagpapahid ng katas mula sa dahon, kahoy at ugat ng kakawate. Maaari din gamitin bilang pampahid ang dinikdik na dahon ng kakawate na hinalo sa langis ng niyog.
5. **Impeksyon ng mga organismo sa katawan**. Ang pinaglagaan ng balat ng kahoy ng kakawate ay mabisang pang alis ng impeksyon ng maliliit na organismo sa katawan gaya ng amoeba.
6. **Rayuma**. Ang pananakit ng mga kasukasuan ay maaaring maibsan sa tulong ng pagtatapal ng dinikdik na dahon ng kakawate.
7. **Pilay sa paa (sprain)**. Ipinangtatapal din ang dinikdik na dahon ng kakawate upang maibsan ang pilay sa paa na dulot ng tapilok.
8. **Tulo o Gonorrhea**. Ang impeksyon ng bacteria na nakaaapekto sa ari ng babae o lalaki ay maari ding magamot ng paghuhugas gamit ang pinaglagaan ng balat ng kahoy ng kakawate.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 51



*Ibinahagi ni Cavite Boardmember Ping Remulla ang pamamahagi sa 750 Treceños ng educational, financial at medical grant na mula sa DSWD.*

*Binati rin ni Remulla ang mga residente ng Trece Martires City nakatanggap ng tulong.*

*"Congratulations sa lahat ng mga solo parent's children, senior high school students at mga batang PWDs na pangunahing beneficiary ng initiative na ito."*

# Pre-launched ng Cavite Free Wifi, sinimulan na

Sinimulan na ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite ang pre-launch campaign ng Free WiFi program nitong tinatawag na "LINKod Kabitenyo free Wi-Fi".

Layon ng nasabing programa na bigyan ang publiko ng mas magandang karanasan sa pamamagitan ng phase-by-phase set-up ng connectivity sa mga lungsod at munisipalidad.

Nagsimula ang pre-launch noong Lunes, Nobyembre 15 at tatakbo hanggang Nobyembre 22, 2021 sa mga lungsod ng Bacoor, Imus, at Dasmariñas upang suriin ang serbisyo sa pamamagitan ng user's experience.

Ayon sa pamahalaang panlalawigan, kasalukuyang mayroong 111 active Wi-Fi sites na matatagpuan sa Bacoor, 118 sa Imus, at 114 sa Dasmariñas, na may 371, 375, at 461 access points ayon sa pagkakabanggit. **(GOCAVITE)**






*Pinailawan na ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias ang 55-foot Christmas Tree na matatagpuan sa town plaza ng nasabing lungsod nitong Lunes, Nobyembre 15.*

*Ginanap rin kasabay ng pagpapailaw ang Parol Making Competition ng Nagkakaisang Kababaihan ng General Trias.*

*Pinangunahan nina Mayor Ony Ferrer, Vice-Mayor Morit Sison at mga Sangguniang Panlungsod Members ang nasabing okasyon.*




## DO YOU KNOW ?

*Trees take in carbon dioxide and give out oxygen. It also slows down air movement that makes pollutants drop to the ground.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

**Province of Cavite**

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**